# Bumoto nang Ligtas sa 2026

## Alamin ang Dapat Gawin Kung Dumating ang ICE o Mga Pederal na Agent ng Pamahalaan sa Mga Botohan

HULYO 2026

**Paulit-ulit na tumanggi ang administrasyong Trump** na isantabi ang posibilidad ng pagpapadala ng mga pederal na agent ng pamahalaan sa mga botohan ngayong taglagas. Maaaring nababahala ang mga botante sa ilegal na banta na ito. Nauunawaan ang takot. Naglalayong pigilan ng banta ang mga kwalipikadong Amerikano sa paggamit ng kanilang karapatang bumoto. Alam ng administrasyong ito na ang mga botante ay may kapangyarihan at determinasyong gamitin ang kanilang mga karapatan. Dapat
malaman ng mga botante na nasa panig nila ang batas.

Ipinagbabawal ng batas pederal ang panghihimasok ng mga opisyal ng pederal sa mga halalan. Ang pagpapadala ng mga hukbo o mga armadong pederal na agent sa alinmang lugar na may isinasagawang halalan ay ilegal sa ilalim ng batas pederal. At ipinagbabawal ng mga batas pederal at pang-estado sa sinuman—kabilang ang mga pederal na agent—ang pananakot sa mga botante.

Gayunpaman, kung isasakatuparan ng administrasyong Trump ang labag-sa-batas na banta na ito, maaaring dumulog sa korte ang mga botante, mga organisasyong pangkomunidad, at mga opisyal ng halalan para protektahan ang mga karapatan ng mga botante. May mga proseso ang mga korte upang mabilis na tumugon at maiwasan ang mga aberya sa halalan, kabilang na ang pananakot sa mga botante.

Bukod pa rito, maaaring maghanda ang mga botante sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang mga karapatan at pagbuo ng plano sa pagboto. Narito ang maaari mong gawin para maprotektahan ang iyong boto at ang boses ng iyong komunidad kung sakaling dumating ang mga pederal na agent ng pamahalaan sa inyong botohan.

## Bago Bumoto

### Alamin ang iyong mga karapatan.

**Ilegal para sa pamahalaan na magpadala ng mga armadong agent ng pederal na pamahalaan sa mga lugar ng botohan.** Ang mga botante ay may karapatang bumoto nang malaya at walang takot at pananakot. Ipinagbabawal ng mga batas ng estado at pederal ang pagpapadala ng ICE o iba pang armadong agent ng pederal sa mga lugar ng botohan. Ang pananakot sa mga botante — kabilang ang ginagawa ng mga opisyal ng pederal, estado, at lokal na pamahalaan — ay ilegal sa ilalim ng mga batas pederal tulad ng:

- 18 U.S.C. § 592, pagbabawal sa mga opisyal ng pederal na pamahalaan na magtalaga ng "mga armadong tauhan sa anumang lugar kung saan idinaraos ang isang pangkalahatan o espesyal na halalan";
- 18 U.S.C. § 593, pagbabawal sa sandatahang lakas na gumamit ng “puwersa, pagbabanta, pananakot, payo, o iba pang paraan” para pigilan ang sinuman sa pagboto, at sa pakikialam “sa anumang paraan sa pagganap ng isang opisyal ng halalan sa kanyang mga tungkulin”;
- 18 U.S.C. § 594, pagbabawal sa pananakot, pagbabanta, o pamimilit sa sinumang tao “sa layuning makialam sa karapatang. . . bumoto”; at
- 18 U.S.C. § 595, pagbabawal sa mga empleyado ng pamahalaan na gamitin ang kanilang opisyal na awtoridad kaugnay ng isang aktibidad na pinondohan ng pederal na pamahalaan upang makialam sa isang pederal na halalan.

**Hindi kinakailangan na marunong kang magsalita, magbasa, o magsulat ng English para makaboto.** Ginagarantiyahan ng Batas sa Karapatang Bumoto ang iyong karapatang magsama ng taong tutulong o tagasalin na iyong pinili para sa pagboto, basta't hindi sila ang iyong employer o kinatawan ng unyon ng mga manggagawa. Kailangan ding magbigay ng tulong sa wika ang ilang lokasyon para sa mga partikular na grupong minorya sa wika. Ang ilang lokasyon ay nagbibigay ng karagdagang tulong sa wika na higit pa sa kinakailangan ng pederal na pamahalaan. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng halalan para sa karagdagang impormasyon.

**Maaaring kailanganin mong magpakita ng pagkakakilanlan upang makaboto**, depende sa kung saan ka nakatira.

### Magplano para bumoto.

**Suriin ang katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang botante ngayon.** Tawagan ang hotline ng Proteksyon sa Halalan sa ibaba o bisitahin ang vote.org para sa tulong.

**Magplano para bumoto nang maaga.** Maaaring samantalahin ng mga botante ang mga alternatibong paraan ng pagboto:

- **Maagang pagboto.** Pinahihintulutan ng 47 estado ang sinumang botante na bumoto nang personal bago ang Araw ng Halalan. Maaaring mas kakaunti ang aktibidad sa mga botohan sa simula ng panahon ng maagang pagboto.

- **Pagboto sa pamamagitan ng mail ballot.** Pinahihintulutan ng 36 na estado ang sinumang botante na bumoto gamit ang mail ballot, habang pinahihintulutan naman ng mga natitirang estado ang mga partikular na botante—tulad ng mga may kapansanan o mga nasa labas ng county sa Araw ng Halalan—na gawin ito. Maaaring ibalik ang mga ballot na ipinadala sa koreo sa pamamagitan ng paglalagay sa mga ligtas na drop box (kung mayroon nito sa inyong lugar), pagdadala sa opisina ng opisyal ng halalan, o pagpapadala sa pamamagitan ng koreo. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng halalan o tumawag sa hotline ng Proteksyon sa Halalan para sa tulong sa paghiling ng balota sa pamamagitan ng koreo.

**Bumoto kasama ng iba.** Pag-isipang pumunta sa botohan kasama ang isang taong pinagkakatiwalaan o grupo ng mga mahal sa buhay o kapitbahay. Hindi iniaatas na maging rehistradong botante o mamamayan ng U.S. ang isang tao para samahan ang mga botante, bagaman maaaring piliin ng mga hindi mamamayan na huwag nang sumama. Tandaang suriin ang mga limitasyon sa batas ng estado hinggil sa transportasyon patungo sa mga botohan, pagkuha ng litrato at video sa mga presinto, at mga insentibo sa pagboto tulad ng pagkain o mga premyo.

# Sa Panahon ng Pagboto

### Kung makakita ka ng mga pederal na agent ng pamahalaan sa inyong botohan. . .

**Isumbong ito.** Tumawag sa hotline ng Proteksyon sa Halalan upang isumbong ang anumang uri ng pananakot sa mga botante.

**Pag-isipan ang mga karagdagang hakbang.** Maaaring alertuhin ng mga botante ang mga manggagawa sa halalan tungkol sa presensya ng mga pederal na agent o makipag-ugnayan sa kanilang lokal na opisyal ng halalan. Hanapin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa usvotefoundation.org.

Maaaring naisin ng mga botante na idokumento ang mga aktibidad ng mga pederal na agent ng pamahalaan sa mga botohan. Hindi pinahihintulutan ng ilang estado ang pagkuha ng video sa mga lugar na pinagbobotohan o sa malapit sa mga ito. Dapat tandaan ng mga botante na ang pagkuha ng video sa mga awtoridad ay maaaring magpalala sa sitwasyon, kaya nararapat nilang pag-isipan ang pagpapanatili ng distansya habang kumukuha ng mga larawan o video. Kung may pag-aalinlangan tungkol sa legalidad o kaligtasan ng pag-video sa isang interaksyon, maaaring pag-isipan ng mga botante ang pag-record lamang ng audio, pagtatala ng mga obserbasyon sa sulat, o pag-record ng voice memo. Ang sumusunod na impormasyon ay magagamit ng hotline ng Proteksyon sa Halalan at ng mga kawani sa halalan:

- **Sukat:** Ilang agent o opisyal ang naroon?
- **Aktibidad:** Ano ang ginagawa ng mga agent? May mga botante bang naroon?
- **Lokasyon**: Saan sa loob o sa paligid ng botohan naroon ang mga agent?
- **Uniporme:** Anong mga letra, detalye, o patch ang... nakikita sa damit ng mga agent?
- **Oras:** Kailan mo eksaktong nakita ang mga agent?
- **Kagamitan:** Ano ang dala ng mga agent? Armado ba sila?

Mag-ingat bago ibahagi sa mas malawak na paraan ang impormasyon tungkol sa presensya ng mga agent, kabilang na sa social media. Maaaring hindi mo matukoy kung ang mga opisyal ay mga pederal na agent, agent ng imigrasyon, o lokal na tagapagpatupad ng batas. Sa ilang hurisdiksyon, kinakailangang naroroon ang mga lokal na tagapagpatupad ng batas sa mga botohan, o kaya naman ay pinahihintulutan ang kanilang presensya kung hihilingin ng mga opisyal ng halalan o bilang tugon sa isang emergency. Ang mga maling ulat tungkol sa mga pederal na agent o ICE sa isang lugar ng botohan ay maaaring magdulot ng labis na takot at panghihina ng loob ng mga tao na bumoto.

### Kung pinatigil o tinanong ka ng mga pederal na agent ng pamahalaan o ng mga awtoridad habang bumoboto. . .

**Magtanong kung malaya ka nang umalis.** Kung sasabihin ng mga agent na "oo," maaaring umalis ang mga botante. Sa pangkalahatan, hindi maaaring pigilin ng mga opisyal ang mga botante nang walang makatwirang hinala na sila ay nagsasagawa ng krimen o—sa kaso ng mga pederal na agent ng imigrasyon—ay lumabag sa batas sa imigrasyon. Ang mahinahong paglakad palayo sa halip na tumakbo ay makatutulong na hindi mabigyang dahilan ang mga opisyal na pigilan ang isang botante.

**Alamin kung anong impormasyon ang kailangan mong ibigay.** Maaaring gamitin ng mga botante ang kanilang karapatang manatiling tahimik at humingi ng abogado, kahit nakadetine pa sila. Maaaring sabihin nang malinaw ng mga botante na, "Gusto kong manatiling tahimik" o "Kailangan ko ng abogado." Hindi obligadong sumagot ang mga botante sa mga tanong ng mga awtoridad o ng mga pederal na agent ng pamahalaan. Maaaring kailanganin lamang nilang sabihin ang kanilang pangalan at ipakita ang ID kapag pinahinto para sa daan, pedestrian, at ilang iba pang paglabag sa estado.

Hindi kailangang i-unlock ng mga botante ang kanilang mga cellphone para sa mga awtoridad kung walang warrant. May karapatan ang mga botante na tumutol sa paghalughog sa kanilang mga gamit sa pamamagitan ng malinaw na pagsasabing, "Hindi ako pumapayag na halughugin ang mga gamit ko," nang hindi hinahadlangan ang access sa mga ito. Maaaring may legal na awtoridad ang mga opisyal na magsagawa ng paghahalughog anuman ang sitwasyon.

Makipag-ugnayan sa hotline ng Proteksyon sa Halalan., maaaring makuha sa iba't ibang wika, gamit ang mga sumusunod na numero ng telepono:

- **English:** 1-866-OUR-VOTE
- **Spanish o English:** 1-888-VE-Y-VOTA
- **Mga wikang Asian o English:** 1-888-API-VOTE kabilang ang Mandarin, Cantonese, Korean, Vietnamese, Tagalog, Urdu, Hindi, Bengali/Bangla, at Punjabi
- **Arabic o English:** 1-844-YALLA-US